



Bubuksan ng Brampton ang piling mga outdoor skating rink sa Disyembre 4

Nakatakdang magbukas ang Mount Chinguacousy sa Disyembre 27, magsisimula ang Pagpapatala sa Programa sa Winter sa Disyembre 13.

BRAMPTON, ON (Disyembre 3, 2021) – Bubuksan ng Lungsod ng Brampton ang piling outdoor skating rinks sa Sabado, Disyembre 4 simula sa 10 am, kung maganda ang panahon. Kabilang sa mga lokasyon ang Chinguacousy Park Skate Recreational Trail at Gage Park Outdoor Skating Recreational Trail. Para sa lahat ng impormasyon, kabilang ang mga oras ng operation at estado sa rink, bisitahin ang www.brampton.ca/outdoorskating.

Ang Mount Pleasant Outdoor Skating Rink at Gore Meadows Covered Outdoor Skating Rink ay nakatakdang magbukas para sa season sa Disyembre 8, kung maganda ang panahon.

Magbubukas ang Lungsod ng karagdagang pansamantalang outdoor skating rinks sa Flower City Community Campus, Morris Kerbel Park, at Earnscliffe Park sa Disyembre 13, kung maganda ang panahon.

Hindi kinakailangan ang mga reserbasyon sa mga outdoor skating. Maaaring pansamantalang sarado ang mga rink dahil sa panahon o sa mga hinihingi sa pagmimintina. Pakitingnan ang mga oras ng rink at estado sa www.brampton.ca/outdoorskating bago bumisita.

Ang isang food truck ay nasa site sa Chinguacousy Park sa mga gabi ng Biyernes at sa mga weekend. Walang mabibiling mga pagkain at inumin sa ibang mga lokasyon ng outdoor rink.

Ang mga lokasyon ng outdoor skate sa Gage Park, Mount Pleasant, Chinguacousy Park, at Gore Meadows ay ngayon nagpapahintulot sa paggamit ng mga skate aid na ibinibigay ng Lungsod. Available ang limitadong bilang ng skate-aids batay sa kung sino ang naunang dumating. Nililinis nang mabuti ng mga kawani ang skate aids sa pagitan ng mga skates. Ang mga kalahok na gumagamit ng skate aids ay kinakailangang maglaan at gumamit ng kanilang sariling pag-aaring hockey helmet na aprubado ng CSA at full facemask.

Available sa limitadong paraan ang pag-arkila ng skate at skate sharpening sa Gage Park at Chinguacousy Park. Tingnan ang mga oras at bayad sa www.brampton.ca/outdoorskating.

Mga Pangkalusugan at Pangkaligtasang Pamamaraan sa COVID-19

Kaayon sa mga patnubay ng Lalawigan, ang patunay ng pagbabakuna ay hindi kinakailangan sa mga outdoor skating rink.

Kabilang sa mga pangkaligtasang pag-iingat sa COVID-19 ang pinaigting na passive health screening para sa mga parokyo bago sumali at dinagdagang karatula para paalalahanan ang mga residente sa mga parametro sa kaligtasan sa COVID-19, daloy ng trapiko at inirerekumendang mga gawaing pangkaligtasan.

Nirerekumenda ang mga hindi medikal na mask at mga pantakip ng mukha kapag hindi maaaring mapanatili ang dalawang metrong layo mula sa iba.

May magagamit na mga amenidad ng banyo. Kinakailangan ang mga mask sa loob ng mga banyo.

Pagbubukas ng Mount Chinguacousy

Ang Mount Chinguacousy ay ang destinasyon ng ating lungsod para sa Skiing, Snowboarding at Tubing na matatagpuan sa Chinguacousy Park. Ang Mount Chinguacousy ay nakatakdang muling magbubukas sa Disyembre 27, kung maganda ang panahon at ang kondisyon sa niyebe.

Para sa lahat ng impormasyon, kabilang ang mga oras ng operation, estado na bukas o sarado, at mga detalye sa pagpapatala, bisitahin ang www.brampton.ca/MountChinguacousy.

Pagpapatala sa Programa sa Winter

Ang pagpapatala para sa mga programang sesyonal sa winter sa Brampton Recreation ay magsisimula sa Disyembre 13 sa 6 am. Makikita ang mga programa online sa www.brampton.ca/registerforprograms simula sa Disyembre 6. Magsisimula ang mga rehistradong programa sa winter sa Enero 3, 2022.

Karagdagang mga Amenidad sa Winter

Saliksikin ang www.brampton.ca/winterwonderland para sa karagdagang mga oportunidad ng saya sa winter outdoor at sa mga nagpapatuloy na update sa estado ng mga amenidad!

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca